




Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 01 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Batios	- Member
Kagawad Angeles D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Juanito A. Baco, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo O. Villamin	- Member, ABC President

Absent:

Kagawad Ferdinand V. Talens	- On Seminar
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- Member

KAPASYAHAN BLG. 062

Taong 1996

KAPASYAHANANG MAPITAGANG ITINUTUKOY SA KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG PANTALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO ANG PAGSASA-BARANGAY NG SITYO DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang Sityo Dalahican ng Barangay San Jose ng bayang ito ay isa sa maunlad na pamayanan na sa loob ng mahabang panahon ay nakapagpatayo ng mga institusyong bahagi ng kaunlaran tulad ng paaralan, simbahan, sentrong pangkalusugan, samahang pangkabuhayan, kooperatiba at iba pang adhikaing nagpapalakas sa pagbuo at pagkakaisa ng mga tao sa komunidad;

SAPAGKA'T sa paglalikap at kakayahang ipinakita ng mga tao sa pagsasakatuparan ng kanilang mga layunin at adhikain sa pagsulong ng lugar, nagkaisa ang mga itong hilingin sa kinauukulan, sa pamamagitan ng isang petisyon, na sila'y pagkaleoban ng kapangyarihan na maging isang barangay;

SAPAGKA'T ang inang barangay, ang Barangay San Jose ay nagpahayag sa pamamagitan ng isang resolusyon na napapanahon na upang ang Sityo Dalahican ay magaril at dila'y lubusang sumasang-ayon sa paghiwalay ng Sityo Dalahican sa San Jose upang ito ay maging isang bagong barangay;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubos ding naniniwala sa kakayahan ng mga mamuno sa Sityo Dalahican at sa mga pamamayan ng nasabing lugar na ang mga ito ay may sapat at malawak nang karanasan sa pagbuo at pamamahala ng sariling kapakanan sa pagsulong sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay;

SAPAGKA'T sa temang ito, mapitagang itinutukoy ng Sangguniang Bayang ito sa mga kinauukulan at sa puntong ito, sa kagalang-galang Sangguniang Pantalawigan ng Silangang Mindoro ang pagsasa-barangay ng Sityo Dalahican ng Barangay San

Jose at dite'y inilakip ang mga sumusunod na mga dokumen-
to:

1. Petisyon ng mga mamamayan ng Sityo Dalahican
2. Resolusyon Hlg. (XII) Taong 1994 ng Barangay San Jose
3. Mapa ng barangay San Jose

SAPAGKA'T ang kinakailangang sertipikasyon ng Pambansang Tanggapan ng Estadistika para sa populasyong kinakailangan sa pag-
bue ng barangay ay hindi pa matatanggap kung saan ang
Sangguniang Bayang ito ay mapitagang humiling sa pamamagi-
tan ng isang resolusiyong ng madaliang pagpapalabas nito
(resolusyon inilakip).

SAPAGKA'T buong pitagang hinihiling ng mga kasapi ng Sangguniang
Bayang ito sa Kagalang-galang na Sangguniang Panlalawigan
na ang kahilingang ito sa pagsasa-barangay ng Sityo
Dalahican ay maagap na mabigyan ng karampatang aksyon.

DAHIL DIPO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na inayunan
ng lahat -


IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang itukoy sa Kaga-
lang-galang na Sangguniang Panlalawigan ng Silangang Min-
doro ang pagsasa-barangay ng Sityo Dalahican, Barangay San
Jose ng bayang ito para na rin sa kapakanang pagkakaloob
ng kapangyarihan sa mga mamamayan ng pamamahala sa pag-
unlad ng sariling pamayanan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang
Panlalawigan kalakip ang mga dokumentong kailangan sa pag-
bue ng isang barangay at ang pag-ulit ng mapitagang kahi-
lingan sa maagap na pagpapasya.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Pambansang Tanggapan ng
Estadistika, Maynila, para sa kanilang kaalaman at kina-
kailangang suporta.

Pinagtibay: 01 Hulyo 1996


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor